**EsP 6 Worksheet No. 1**

Pangalan ___________________________________ Pangkat _____________
Petsa __________________ Marka________________

# Pagpapaunlad ng Ispiritwalidad Anuman ang Paniniwala

**TANDAAN:** Ang ispiritwalidad ay ang malalim na pagpapakahulugan sa buhay at paniniwala ng isang tao na may kinalaman sa Diyos. Maaaring ito ay may kinalaman sa relihiyon na pinaniniwalaan at sa kanyang malalim na pananaw sa ispiritwal na buhay.
Ang ispiritwalidad ay makatutulong sa pagpapaunlad ng pananampalataya ng isang tao sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sariling relihiyon base sa kaniyang mga pinaniniwalaan. Ang pagkakaroon ng mahusay na ispirituwal na pamumuhay ay nagdadala sa isang tao upang gumawa ng kabutihan sa kapwa, iniiwas nito ang isang tao sa mga kasalanan at masamang gawain.

**Gawain ng Pagkatuto Bilang 1: Panuto:** Sagutin ng **Oo** kung ang pahayag ay nagpapakita ng ispiritwalidad at **Hindi** naman kung hindi nagpapakita ng ispiritwalidad.

______1. Tinatawanan ni Nila ang batang ito na namamalimos ng kanyang nakita.
______2. Tinutulungan ni Nita ang kanyang lola sa pagwawalis sa kanilang bakuran.
______3. Bumabagyo ng malakas at sinagip ni Ela ang kanyang lolo at lola sa kanilang bahay.
______4. Nasunugan ng bahay ang isa sa iyong kamag – aral at binigyan mo siya ng luma mong damit.
______5. Nanghihingi ng tulong ang iyong kamag –aral dahil wala na silang makain kinabukasan ngunit tinanggihan mo siyang bigyan.
______6. Lumindol ng malakas at nabuwag ang bahay ng iyong kapitbahay kaya sila"y kinupkop sa inyong bahay.
______7. Nabaha ang bahay nila Aling Maring at pinabayaan lamang sila.
______8. Nawalan ng relief goods sina Kris Ann kaya ibinigay ang iyong nakuhang relief goods.
______9. Marami kang baon na pagkain at minamasdan ka ng iyong kamag-aral na walang baon ngunit di mo siya binigyan.
______10.Paglabas mo sa iyong bahay ay may nangangaroling ngunit pinalayas mo sila dahil hindi pa buwan ng pamamasko.

**Gawain ng Pagkatuto Bilang 2: Panuto:** Ilagay ang **SA** kung sumasang-ayon ka sa pahayag at **HS** kung hindi ka sumasang-ayon.

______ 1. Nakita mo ang kaibigan mong si Soraya. Nakaupo siya sa mga daliri niya sa paa, karaniwang posisyon sa pananalangin ng mga Muslim.Isa kang Kristiyano. Nakaluhod o nakaupo ka kapag nananalangin. Hindi mo pinagtawanan kung paano manalangin ang iyong kaibigan.
______ 2. Sabik na sabik ka nang panoorin ang pelikula ng iyong paboritong lokal na artista sa Sabado. Wala kang ibang kasama kung hindi ang kaibigan mong Sabadista. Nakiusap ka sa kanya na samahan kang panoorin ang pelikula.
______ 3. Nangangaral ang isang grupo ng mga tao tungkol sa kanilang mga paniniwala. Ang sinasabi nila ay iba sa mga aral ng iyong simbahan. Nanahimik ka at hinayaan mo silang magpahayag ng kanilang mga paniniwala.
______4. Nakikipagtalo sa iyo ang isang kaibigan. Sinabi niya sa iyo na ang aral ng kanilang simbahan ang totoo at sa inyo ay mali. Nanatili kang mahinahon at mapayapang nakipag-usap sa kanya.
______ 5. Sinasabi ng iyong pinsan na huwag kausapin ang iyong kaklase dahil iba ang kanyang relihiyon at paniniwala. Sinunod mo ang kanyang sinabi.

**Quarter:4,Week:1 Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad**
**Code: EsP6PD-IVa-i16**
**Inihanda ni: Sheila G. Jove**

LIVEWORKSHEETS